
2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pinagmulan ng Sariling Komunidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP 2_ Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pinagmulan ng Sariling Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Anibay F. Santos |
| **Editor:** | Lamberto F. Gamurot |
| **Tagasuri:** | Bobby P. Caoagdan, Allan T. Manalo |
| **Tagaguhit:** | Hersa F. Huet |
| **Tagalapat:** | Hersa F. Huet, Anibay F. Santos |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas<br>Nestor P. Nuesca, Angelica M. Burayag, Paulino D. De Pano,<br>Bobby P. Caoagdan, Helen R. Bose |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region III**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Address: Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando, (P) |
| Telefax: | (045) 598-8580 |
| E-mail Address: | region3@deped.gov.ph |

# 2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Pinagmulan ng Sariling Komunidad

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanilaupang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulongo estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumanggagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.


Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsasalaysay ng pinagmulan ng sariling komunidad batay sa mga pagtatanong at pakikinig samga kuwento ng mga nakatatanda sa komunidad.



## Subukin

**Panuto**: Isulat sa iyong sagutang papel ang masayang mukha kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha naman kung hindi ka sumasang-ayon.

1. May kuwentong pinagmulan ang bawat pangalan ng komunidad.

2. Maaaring makakalap ng impormasyon tungkol sa komunidad sa pakikinig ng kuwento ng mga nakatatanda sa komunidad.


3. Hindi isinasali sa kasaysayan ang pinagmulan ng pangalan ng isang komunidad.

4. Hindi na mahalagang malaman pa ang kasaysayan ng komunidad.

5. Bawat komunidad ay may pangalan.

# Aralin 1 Pinagmulan ng Komunidad

May mga kuwento ang bawat komunidad, kasama na rito ang pinagmulan ng pangalan nito. Binubuo ang mga ito ng mga pangyayaring naganap sa nakalipas. Nadaragdagan pa ang mga ito ng mga pangyayaring kasalukuyang nagaganap. Ang pinagsama-samang kuwento ay naitatala bilang kasaysayan ng komunidad.



## *Balikan*

**Panuto:** Isulat ang tsek ✓sa iyong sagutang papel kungang pangungusap ay tumutukoy ng tama tungkol sa komunidad at ekis ✗ kung hindi.

1. Ang komunidad ay tumutukoy sa pangkat ng mga namumuhay nang sama-sama sa isang tiyak na lokasyon at nakikibahagi sa uri ng pamumuhay, kultura at interaksiyon.

2. Ang populasyon ay tumutukoy sa bilang ng mgataong naninirahan sa komunidad.

3. Ang mga tao sa isang komunidad ay gumagamit ng iisang wika lamang.

4. Ang paaralan, simbahan, parke, ospital, palengke at barangay hall ang bumubuo sa isang komunidad.

5. Ang bawat komunidad ay walang tiyak na lokasyon.

Sa mga naunang aralin natutunan mo ang kahulugan ng isang komunidad at bumubuo nito. Sa susunod na aralin mapag-aaralan mo ang pinagmulan nito.




*Mga Tala para sa Guro*

Ang pangalan ng isang komunidad aynagpapakita ng kasaysayan nito.

## Tuklasin


Alam mo ba ang kasaysayan ng inyong komunidad?
Ano ang pinagmulan ng pangalan nito?
Isa sa mga probinsiya sa Rehiyon III ang Tarlac.
Alamin mo kung ano ang kinalaman ng nasa larawan sa pinagmulan ng pangalan nito.
MALATARLAK (TARLAC GRASS)

Kasaysayan ng Lalawigan ng Tarlac




Ang pangalan ng Tarlac ay nanggaling sa isang uring damo o talahib na kilala bilang “malatarlak”. Ito ay itinatag nina Don Carlos Miguel at Don Narciso Castaňeda noong 1788.

Ang lalawigan ng Tarlac ay kilala bilang Melting Pot ng Gitnang Luzon. Binubuo ng mga kultura ng mga Ilokano, Kapampangan, Pangasinense, Tagalog at mga Aeta.

Ang Tarlac ay dating bahagi ng mga lalawigan ng Pangasinan at Pampanga. Ito ang pinakabatang lalawigan na itinatag noong panahon ng mga Kastila. Isa ito sa mga walong (8) lalawigan na lumaban sa mga Kastila. Noong panahon ng Ikalawang Digmaan Pandaigdigan ay naging himpilan at pahingahan ng mga sundalo ang Camp O' Donnell sa Capas, Tarlac.

## Suriin

Upang mapalawak ang pagkilala sa isang komunidad mahalagang malaman mo ang kasaysayan o kuwento nito. Maaari itong gawin sa pamamagitan nang pagsasaliksik o pagkuha ng impormasyon gaya nang pagtatanong at pakikinig sa mga kuwento ng mga nakatatanda.



Ang kuwento ng isang komunidad ay maaaring magmula sa pangalan ng iba't ibang mga bagay gaya ng:


- *Puno*
- *Halaman*
- *Hayop*
- *Anumang bagay*

Halimbawa nito ang komunidad ng Tarlac na nabanggit sa kuwento na ang pangalan ay galing sa isang halaman na kilala bilang "malatarlak".

## Pagyamanin

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang komunidad na inilarawan sa kuwento?
2. Ano ang pinagmulan ng pangalan nito?
3. Ano ano ang mga maaaring pagmulan ng pangalan ng isang komunidad?
4. Sa paanong paraan maaaring malaman ang kuwento ng isang komunidad?
5. Bilang mag-aaral bakit nararapat na pahalagahan mo ang kasaysayan ng inyong komunidad?



## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang. Piliin ang tamangsagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| pakikinig | hayop | puno |
| pagtatanong | halaman | |

☞ Maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa kuwento ng komunidad sa pamamagitan nang _____(1)_____ at _____(2)_____ sa mga kuwento ng mga nakatatanda sa komunidad.

☞ Ang pangalan ng isang komunidad ay maaring mula sa pangalan ng mga bagay na makikita sa komunidad gaya ng _____(3)_____, _____(4)_____, _____(5)_____ o anumang bagay.

# *Isagawa*

**Panuto:** Punan ang *graphic organizer*. Ilarawan mo ang iyong komunidad sa pamamagitan nang pagbibigay ng impormasyon sa mga katanungan. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong sagutang papel.

<table>
<tr><td colspan="2">Konsepto: Ang Pinagmulan ng Pangalan ng Aming Komunidad</td></tr>
<tr><td>1. Saan matatagpuan ang aming komunidad?<br>___________________<br>___________________<br>___________________</td><td>2. Ano ang alam ko tungkol sa aming komunidad?<br>___________________<br>___________________</td></tr>
<tr><td colspan="2">3. Paano naging makasaysayan ang amingkomunidad?<br>_____________________________________<br>_____________________________________<br>_____________________________________</td></tr>
</table>

## *Tayahin*


**Panuto:** Magtanong sa pinakamatandang miyembro ng iyong pamilya o komunidad. Itanong ang naging batayan ng pangalan ng inyong komunidad. Isalaysay sa 2-5 pangungusap ang narinig mong kuwento na pinagmulan ng iyong komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Rubrik sa Paggawa ng Kuwento

| **Mga Krayteria** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Kaangkupan sa Paksa | Lubhang naging malinaw ang pagkukuwento sa pinagmulan ng komunidad | Naging malinaw ang pagkukuwento sa pinagmulan ng komunidad | Hindi gaanong malinaw ang pagkukuwento sa pinagmulan ng komunidad | Hindi naging malinaw ang pagkukuwento sa pinagmulan ng komunidad |
| Pagkagawa | Nakapaglahad ng 5 pangungusap sa pagsasalay ng kuwento | Nakapaglahad ng 4 pangungusap sa pagsasalay ng kuwento | Nakapalahad ng 3 pangungusap sa pagsasalay ng kuwento | Nakapaglahad ng 2 pangungusap sa pagsasalay ng kuwento |

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumawa ng *picture story*. Gumuhit o magdikit ng larawan ng inyong komunidad .Sundin ang *flow chart* sa ibaba. Makatutulong ang mga pangungusap sa ibaba para makabuo ng kuwento. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ☺
2. ☺
3. ☹
4. ☹
5. ☺

**Balikan**

1. /
2. /
3. X
4. /
5. X

**Pagyamanin**

1. Komunidad ng Tarlac
2. Isang damo na kilala bilang "malatarlak"
3. Pangalan ng iba't ibang bagay gaya ng puno, halaman,hayop at anumang bagay na makikita sa komunidad.
4. Sa pamamagitan ng pagtatanong at pakikinig sa mga kwento ng mga nakatatanda sa komunidad.
5. Ang kuwento ng sariling komunidad ay mahalagang malaman upang mapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa iyong komunidad at higit na makikilala ang ating sarili kung alam natin ang mga kuwento tungkol dito.

**Isaisip**

1. pagtatanong
2. pakikinig
3. puno
4. halaman
5. hayop

**Isagawa**

A. Ang mga sagot ay nababatay sa kuwento ng komunidad.

**Tayahin**

Gamitin sa pagtataya ang Rubrik sa Paggawa ng Kuwento

**Karagdagang Gawain**

Ang mga sagot ay batay sa kuwento ng komunidad

# *Sanggunian*


Admin, Guro. "Most Essential Learning Competencies (Melcs)- Complete Files - Guro Ako". Guro Ako 2020. http://guroako.com/2020/06/02/most-essential-learning-competencies-melcs-completefiles/.

Gloria Cruz. Charity Capunitan, Emelita Dela Rosa, and Leo Arrobang. "K TO 12 GRADE 2 LEARNING MATERIAL IN ARALING PANLIPUNAN". *Slideshare.Net*, 2013. https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-araling-panlipunan.

Christopher Madrigal. Pagsulong At Pagbabago, Komunidad 2 (Edisyong K-12). Reprint, Makati City Philippines: Diwa Learning System Inc., 2014.

Randy Policarpio. "Kasaysayan-Ng-Tarlac.Docx - Kasaysayan Ng Tarlac Ang Lungsod Ng Tarlac Ay Ang Kabisera Ng Lalawigan Ng Tarlac Matatagpuan Ang Lalawigan Gitnang | Course Hero".

Coursehero.Com.https://www.coursehero.com/file/25445515/ Kasaysayan-ng-Tarlacdocx/.

Edna Severo. Araling Panlipunan 2 Kagamitan Ng Mag-Aaral Sa Kapampangan. 1st ed. Reprint, Pasig City, Philippines: Department of Education- Bureau of Elementary Education, 2013.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph